JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Ihsaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
**Department of Education**
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

# 6

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikatlong Markahan -Modyul 6
## Pagkamalikhain, Tulong Ko sa Pag-unlad ng Bansa



Pangalan ng mag-aaral:________________________________

Baitang at Seksyon: ________________________________

Paaralan: ________________________________



## Alamin

Ang pagkamalikhain ay nangangahulugang may kakayahan ang taong makabuo ng isang bagay na orihinal o pinaunlad na1 bersiyon ng isang desinyo. Higit na napapayaman ng isang taong malikhain ang kaniyang sariling kakayahan sapagkat nakakukuha siya ng inspirasyon sa mga nabuo niyang desinyo.

Mahalaga ang pagkakaroon ng malikhaing kaisipan sapagkat dinadala nito ang tao at ang bansa sa pag-unlad.

Sa modyul na ito, inaasahan na makamit mo ang sumusunod na mga layunin:

a. Masasabi ang mga katangian ng taong malikhain
b. Makapagbibigay ng solusyon sa mga suliranin sa malikhaing pamamaraan
c. Naipakikita ang pagiging malikhain sa paggawa ng anumang proyekto na makatutulong at magsilbing inspirasyon tungo sa pagsulong at pag-unlad ng bansa. **EsP6PPP-IIIh-39**



## Subukin

Bilang panimulang gawain, subuking sagutin ang mga sumusunod. Iguhit ang ☺ kung ang pahayag ay nagsasaad ng pagkamalikhain at ☹ naman kung hindi.

_____1. Pagsali sa mga paligsahan sa paaralan

_____2. Palaging pagpupuyat dahil sa online games

_____3. Madalas na pagliban sa klase

_____4. Paggawa ng parol gamit ang kawayan

_____5. Paglikha ng *flower vase* gamit ang lumang dyaryo

| Lesson 1 | Pagkamalikhain, Tulong Ko sa Pag-unlad ng Bansa |
|---|---|



## Balikan

Balikan natin ang pagsusuri ng kalidad ng iba't ibang gawain. Iguhit ang  kung ang gawain nagpapakita ng mataas na uri ng kalidad at  kung mababa ang uri ng kalidad.

_____1. pagliligpit ng higaan

_____2. pagtatalumpati sa isang pagtitipon

_____3. pagwawalis ng bakuran

_____4. pag-uulat sa harap ng klase

_____5. pagkukumpuni ng mga sirang gamit sa bahay



## Tuklasin

Basahin ang tula sa ibaba. Ipaliwanag kung paano nakatulong kay Ben ang kaniyang pagiging makutiting.

**Si Ben Kutingting**
*Constancia Paloma*

Limang taong gulang pa lang itong si Ben,
Kita na agad, kaniyang pagkamalikhain,
Ano mang  bagay sa kanya makarating
Ilang saglit lang, iba na sa paningin.

Ubos lakas at isipan, kaniyang lilikhain
Anumang hugis, na kaniyang naisin.
Kaya't kapag siya'y tahimik, di ka pinapansin,
Kakayanan sa paglikha, ibig niyang pagyamanin.

Dumaan ang panahon, si Ben Kutingting,
Lumaki na, pero, nasa dating gawi pa rin,
Sa pag-aaral naging honor pa man din,
Kaniyang pagkamalikhain, puhunan din.

Nagtapos, nagtrabaho, sunog kilay pa rin.
Sa pagiging manggagawa, tunay na malikhain
Sa sipag at tiyaga, negosyo'y nakabiyaya,
Yumaman na, di na isang kahig, isang tuka.

Kaya pagyamanin, iyong pagkamalikhain,
Tiyak makakamtan, magandang hangarin
Magsikap, mag-aral, magtapos at maghanapbuhay.
Pagkamalikhain, dala'y magandang buhay.

*~Hango sa Batayang Aklat, Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon pahina 109*

Sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Bakit nabansagan si Ben na "kutingting"?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

2. Anong aral ang natutunan mo sa tula?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

3. Nagbunga ba ng inspirasyon sa iyo ang tula? Sa anong paraan?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

4. Ilarawan ang mga katangian ng isang taong malikhain.

___________________________________________________________________
___________________________________________________________________
___________________________________________________________________

5. Sa iyong palagay, paano makatutulong sa pag-unlad ng bansa ang pagiging malikhain ng isang manggagawa?

___________________________________________________________________
___________________________________________________________________
___________________________________________________________________



## Suriin

Magaling! Sa bahaging ito, mapapalalim ang iyong pagkilala sa isang taong malikhain sa pamamagitan ng kaniyang mga katangian.

Ang pagiging malikhain ay makatutulong sa pagtuklas ng bagong solusyon sa mga suliranin, pansarili o panlipunan man ito. Kung hindi dahil sa malikhaing paggawa ng mga tao, hindi matatamo ng lipunan ang kaginhawaan at kaunlaran.

**Mga Katangian ng Isang Taong Malikhain**

1. **Orihinal**. Ang taong malikhain ay totoo sa kanyang nililikha. Hindi ito bunga ng panggagaya. Nakapag-iisip at nakalilikha siya ng bagong ideya at bagay na hindi maiisip kaagad ng ibang tao.

2. **Mayaman sa ideya**. Ang Pilipino ay mapangarapin sa buhay. Ginagamit niya ang kaniyang mga pangarap upang mapayaman ang kaniyang ideya sa bisa ng pananaliksik, pagsubok, at matagalang pagsisikap.

3. **Madaling makibagay at iangkop ang sarili sa iba't ibang pagkakataon.** Ito ang kodigo ng malikhaing Pilipino. Kayang-kaya niyang iangat ang kaniyang sarili sa anumang mukha ng buhay na siyang nagpapayaman ng kaniyang pagiging malikhain. May kakayahan siyang iangkop ang kaniyang sarili sa anumang kalagayan at sa anumang kondisyon ng buhay.

4. **Sensitibo sa mga kakulangan sa kapaligiran.** Madali para sa isang taong malikhain na bigyan ng solusyon ang mga kakulangan. Nakakagawa siya ng paraan sa pamamagitan ng paggamit sa mga lumang bagay na nasa paligid. Nababago niya ang isang panimulang ideya sa pamamagitan ng pagbibigay ng kakaibaang anyo at dagdag na kaalaman.

5. **Nakatayo sa sariling desisyon.** Ang taong malikhain ay may kalayaang magpamalas ng kaniyang paninindigan.

6. **Malakas na motibasyon upang magtagumpay.** Ang taong malikhain ay masigasig sa paggawa ng kaniyang proyekto kahit na dumaranas siya ng hirap.

*~Hango sa Sanaysay na "Ang Pagiging Malikhain at Epekto Nito sa Paggawa ng Anumang Proyekto, Batayang Aklat, Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon pp. 110-111*

Sagutin ang tanong.

Ayon sa nakalistang mga katangian ng isang taong malikhain, matuturing mo ba ang iyong sarili na malikhain? Ipaliwanag.

___________________________________________________________

___________________________________________________________

___________________________________________________________

___________________________________________________________


___________________________________________________________



## Pagyamanin

### Gawain 1

Gamit ang iyong pagkamalikhain, magtala ng isang paraan sa Kolum B kung paano gawing kapaki-pakinabang ang bawat larawan sa Kolum A. Isulat ang sagot sa kahon.

| Kolum A | Kolum B |
|---|---|
| 1.  *lumang damit* | |
| 2.  *Mga takip ng bote* | |
| 3.  *hindi na nagagamit na mga papel* | |
| 4.  *Walang laman na mga pluma* | |

**Gawain 2**

Gamitin ang iyong pagkamalikhain sa pagbibigay ng solusyon sa mga karaniwang suliranin na nararanasan mo bilang mag-aaral o miyembro ng pamilya. Umiisip ng kakaibang solusyon para sa sumusunod. Kompletuhin ang talahanayan sa ibaba.

| **Suliranin** | **Solusyon** |
|---|---|
| 1. Papasok ka na sa paaralan. Natalsikan ng putik ang malaking bahagi ng iyong uniporme. | |
| 2. May takdang-aralin kang iuulat sa klase. Nakalimutan mong bumili ng kailangang manila paper. | |
| 3. Nasira ang rubber shoes mo. Wala kang magagamit para sa klase mo sa P.E. | |
| 4. Dala-dala mo ang proyekto na isusumite mo sa iyong guro. Sa hindi inaasahang pangyayari nabitawan mo ito at narumihan. | |
| 5. Umiiyak ang iyong bunsong kapatid dahila nahulog sa gilid ng dalawang bakod ang kaniyang laruan. | |



## Isaisip

Sagutin ang bawat tanong. Isulat sa mga linya sa ibaba ang sagot.

1. Bakit kailangang maging malikhain sa paggawa ng anumang proyekto?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Paano makatutulong ang isang kabataang tulad mo na magkaroon ng inspirasyon tungo sa pagsulong at pag-unlad ng bansa?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________



## Isagawa

Mag-isip ng isang gawain na makakatulong sa paglinang ng pagkamalikhain. Ipapakita ito sa pamamagitan ng drowing kung paano ito makakatulong at magsilbing inspirasyon tungo sa pagsulong at pag-unlad ng bansa.

Ang *rubric* na ito ang magiging basehan sa pagbibigay ng iskor sa iyong nabuong drowing.

| **Krayterya** | **Nakalaang Iskor** | |
|---|---|---|
| Kaangkupan sa Paksa | 35% | |
| Pagkamalikhain | 40% | |
| Orihinalidad | 25 % | |
| ***Kabuuan*** | 100% | |



# Tayahin

A. Isulat ang  sa patlang ang **Oo** kung ang gawain ay makakatulong upang malinang ang pagkamalikhain ng isang tao at **Hindi** naman kung hindi makakatulong.

_________1. Pagsali ng kompetisyon sa Science Club


_________2. Pakikipagpalitan ng opinyon sa kaklase

_________3. Pagdalo ng mga seminar para sa mga kabataan

_________4. Hindi pagsunod sa utos ng mga magulang

_________5. Madalas na paglalaro ng computer games

B. Gamit ang graphic organizer sa ibaba, itala ang mga katangian ng isang taong malikhain.



## Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. ☺
2. ☹
3. ☹
4. ☺
5. ☺

**Balikan**

1. 👎
2. 👍
3. 👎
4. 👍
5. 👍

**Pagyamanin: Gawain 1**

**Mga Posibleng Sagot**

1. Gawing potholder
   Gawing plorera
2. Gawing Christmas décor
3. Gawing flower vase
   Gawing paper bag
4. Gawing pen holder

*~Maaaring magkaiba ang sagot*

**Isaisip**

*~Maaaring magkaiba ang sagot*

**Tayahin**

A.
1. Oo
2. Oo
3. Oo
4. Hindi
5. Hindi

B. (Posibleng Sagot)

Orihinal
Mayaman sa ideya
Madaling makibagay
Sensitibo sa kakulangan ng kapaligiran
Nakatayo sa sariling desisyon
May malakas na motibasyon

## Sanggunian


- Peralta, Gloria A. & Ylarde, Zenaida R. (2016), *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon,* Batayang Aklat sa Edukasyon sa Pagpapakatao 6, pahina 108-113.



**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Joyce Sherry C. Pandoy
*Teacher III*, Balangasan Central Elementary School
West District, Pagadian City Division

**Tagasuri:** Metushela Ubas – Salac, *Master Teacher – I*
Dumagoc Elementary School

**Patnugot:** Jovita A. Dugenia, *Values Education Supervisor*

**Tagapamahala:** Danny V. Cordova, EdD, CESE, *OIC-SDS*
Maria Colleen L. Emoricha, EdD, CESE- *OIC - ASDS*
Matt Ranillo O. Singson, EdD, CESE – *OIC –ASDS*
Isagani B. Cabahug – *SGOD Chief*
Ma. Diosa Z. Peralta – *CID Chief*
Ma. Madelene P. Mituda – *LR Supervisor*

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.